

Seksyon 4 Pabahay

Katunayang mahirap maghanap ng tirahan sa Japan para sa mga dayuhan, ngunit sa Hiroshima prefecture, bukod sa pamamatnubay sa mga negosyante upang huwag tanggihan ang serbisyo at pamamagitan sa pagtuloy sa apartment sa kadahilanan ng pagkakaiba sa nasyonalidad, lahi o iba pa, nagsasagawa rin ng paghahanda at pagpapatakbo ng pabahay na pinangangasiwaan ng prefecture upang makapaghandog ng pabahay na mura ang upa sa taong nahihirapan sa pabahay.


1 PAMPUBLIKONG PABAHAY AT IBA PA

(1) Pabahay na Pinangangasiwaan ng Prefecture

Maaaring mag-apply para sa pagtuloy sa tirahan ang mga taong nahihirapan sa pabahay, at sumasailalim sa pamantayang suweldo at iba pang takdang kondisyon para sa qualification. (Maaaring mag-apply anuman ang nasyonalidad.)

◇◇ Buod ng Sistema ◇◇

■ Mula sa pag-apply hanggang sa pagtuloy sa tirahan



■ Panahon ng pagrehistro

Sa patakaran, isinasagawa ang pagrehistro sa Pebrero, Hunyo at Oktubre. Para naman sa pabahay na kaunti ang nagpaparehistro (ilang pabahay sa hilagang bahagi ng lungsod ng Hiroshima), isinasagawa ang pagrehistro sa Enero, Marso, Abril, Mayo, Hulyo, Agosto, Setyembre at Nobyembre.

■ Qualification sa pagtuloy sa tirahan

Kinakailangang sumasailalim sa lahat ng sumusunod na kondisyong A~F.

A	Nasa karampatang gulang ang aplikante, sa patakaran.
B	Kasalukuyang kasama o sasama sa tirahan ang kamag-anak (Tatawaging “kasamang kamag-anak” mula rito). *Sa patakaran, pamilyang binubuo ng mag-asawa (Kasama ang taong pakakasalan o hindi ikinasal ngunit itinuturing na asawa [taong matitiyak sa pagtatala bilang residente, sertipiko ng seguro].) o magulang at anak. *Mangyaring makipagkonsulta sa mga institusyon ng tanggapan kung mag-isa o may bukod-tanging kalagayan.
C	Hindi lalampas ng 158,000 yen ang suweldo (Buwanang halaga: halaga ng suweldong nakatakda sa kautusan ng pagpapatupad ng batas hinggil sa pampublikong pabahay, at naiiba ito sa karaniwang tinatawag na “tedori” o tinatanggap na suweldo matapos bawasan ng buwis atbp.) ng sambayanan.

D	Kasalukuyang nahihirapan sa pabahay. Subalit sa patakaran, hindi maaaring mag-apply ang taong may sariling bahay.
E	Hindi miyembro ng sindikatong kriminal ang aplikante o kasamang kamag-anak.
F	Walang hindi pa nababayaran upa sa pabahay na pinangangasiwaan ng prefecture, pagkahuli sa pagbayad sa paggamit ng paradahan ng kotse, o kabayaran sa pinsala kaugnay sa pabahay na pinangangasiwaan ng prefecture o paradahan ng kotse ang aplikante o kasamang kamag-anak.

Bukod dito, mayroon ding pinagpapasyahang pagpangkat kung saan mas mataas kaysa sa karaniwang sambahayan ang pamantayang suweldo para sa pagtuloy sa tirahan, sistema ng pagtuloy sa tirahan nang mag-isa, at iba pa, kaya't para sa taong nagnanais tumuloy sa tirahan, mangyaring tiyakin muna sa homepage, at magtanong sa mga institusyon ng pagtanggap.

◆ Gabay sa pagrehistro para sa pagtuloy sa pabahay na pinangangasiwaan ng prefecture
Hiroshima prefecture homepage:
<http://www.pref.hiroshima.lg.jp/soshiki/108/1182992095227.html>

(2) Pabahay na Pinangangasiwaan ng Lungsod/Bayan

Mayroon ding naglalaan ng paupahang pabahay maging sa lungsod/bayan sa loob ng Hiroshima prefecture. Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan sa lugar ng tirahan tungkol dito.

Para sa mga
katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan



(3) Hiroshima Prefectural Housing Corporation

① Paupahang pabahay

Naglalaan ang pampublikong korporasyon ng paupahang pabahay sa lungsod ng Hiroshima, at sa loob ng lungsod ng Higashihiroshima. Mangyaring magtanong sa pampublikong korporasyon tungkol sa pag-apply para sa pagtuloy sa tirahan at iba pang detalye.

■ Ukol sa pagtanggap para sa bakanteng pabahay

Kung may bakante sa mga pabahay, tumanggap ng aplikasyon kahit kailan nang walang palabunutan at ayon sa naunang matanggap.

Maaari ring hindi matanggap ang aplikasyon kung walang bakante sa nais na pabahay.

Mangyaring tiyakin ang kalagayan ng pagkabakante sa namamahalang tanggapan kung mag-aapply.

② Ipinagbibiling lupang pambahay

Nag-aalay ng ipinagbibiling lupang pambahay sa pampublikong korporasyon. Mangyaring magtanong sa pampublikong korporasyon tungkol sa pag-apply at iba pang detalye.

Para sa mga
katanungan

Hiroshima Prefectural Housing Corporation

Shin-ōtemachi building 3F

2-11-15 Ōtemachi, Naka-ku, Hiroshima-shi

Tungkol sa paupahang pabahay ☎ 082-248-2272

Tungkol sa ipinagbibiling lupang pambahay ☎ 082-248-2301

Homepage: <http://www.jkk-hiroshima.or.jp/>